
Ina
by Stuart D. Lingat, Jr.
"AKO SI HANNAH, ISANG MAPAGMAHAL NA ASAWA AT INA."
"AT BILANG INA AY WALA AKONG HINDI GAGAWIN PARA SA IKABUBUTI NG AKING PAMILYA."
PAGTITINDA NG BANANA CUE AT PALAMIG SA UMAGA, PAGTITINDA NAMAN NG BARBEQUE SA GABI. TAPOS NAGLALABADA KA PA.
SOBRANG SIPAG MO TALAGA, MARE.
SA HIRAP NG BUHAY NGAYON, KAILANGAN NATING TUMULONG SA MISTER NATIN, MARE. LALO PA'T CONSTRUCTION WORKER LANG ANG MISTER KO, AT TATLO NA ANG ANAK NAMIN NA NAG-AARAL.
GUSTO KONG MAKATAPOS LAHAT ANG MGA ANAK KO. AYOKONG MATULAD SILA SA'MIN NG MISTER KO NA 'DI NAKATAPOS NOON KAYA NAGKAKAHIRAP-HIRAP NGAYON.


PERO PA'NO SILA MAKAKATAPOS? TINDERA KA LANG. AT NAPAKA-MAHAL MAGPAARAL NG ANAK SA COLLEGE NGAYON.
BAKIT 'DI MO SUBUKANG MAG-APPLY SA SAUDI, HANNAH? DUMATING ANG KAPATID KO KANINA. NAGHAHANAP NG MGA OFW NA IPAPADALA SA SAUDI. MAS MALAKI ANG KIKITAIN MO RO'N KESA SA PAGTITINDA LANG DITO.
H-HINDI KO YATA KAYANG MAPALAYO SA PAMILYA KO. SINO ANG MAG-AALAGA AT SUSUBAYBAY SA ASAWA'T MGA ANAK KO 'PAG UMALIS AKO?
ILANG TAON LANG NAMAN. BAKA MGA TWO YEARS LANG MAKAIPON KA NA AT MAKAPAGPAPATAYO NA NG KARINDERYA O RESTAURANT.
'DI BA MATAGAL MO NANG PANGARAP 'YON?


Ano? Mag-apply ka na! 'Wag kang mag-alala. Legal na recruiter ang kapatid ko. Kahit i-check mo pa sa POEA. Ipapahamak ba naman kita?
H-hayaan mo, Eunice. Pag-iisipan ko.
"Ah! Isa akong mapagmahal na asawa at ina.
At wala talaga akong hindi ga-gawin para sa ikagaganda ng kalagayan ng aking pamilya."
P-parang tama si Eunice. Para ano ba naman 'yong dalawa o apat na taong ipagtitiis ko sa ibang bansa na may malaking kita, kesa sama-sama kami rito na habang buhay namang nagtitiis ng kahirapan?
Ah! Bakit nga ba hindi?! Ilang taon lang! Kapalit ng habang buhay na magandang kinabukasan!



G-GUSTO KONG MAG-DH, VINCE.
HA?! IIWAN MO KAMI NG MGA ANAK MO?!
PARA SA KINABUKASAN NATIN AT NG MGA ANAK NATIN 'TO. AYOKONG MATULAD SILA SA'TIN.
ITO LANG ANG NAKIKITA KONG PARAAN: ANG MAGTIIS NG ILANG TAON KAYSA HABANG BUHAY NA MANATILI SA KAHIRAPAN.
K-KAYA MO BA?
PARA SA INYO NG MGA ANAK NATIN, WALA AKONG HINDI TITIISIN AT KAKAYANIN, VINCE.
MATAPOS MAISANLA ANG BAHAY AT LUPA NAMIN, AT MATAPOS IBAYAD ANG PINAGSANGLAAN SA RECRUITER AY LUMIPAD NA NGA AKO PATUNGONG SAUDI.
HANNAH...!
MAMA! HU-HU-HU!



BILANG DOMESTIC HELPER AY KATAKUT-TAKOT NA HIRAP ANG INABOT KO.
MAHIRAP PALA TALAGA ANG MAG-DH. MAGHAPON ANG TRABAHO. PARANG ALILA KUNG ITURING. NAKAKULONG AT BIHIRANG MAKALABAS. BINUBULYAWAN AT INAALIPUSTA.
PERO ANG PINAKA-MAHIRAP SA LAHAT AY ANG LUNGKOT NA DULOT NG PAGKAKAWALAY KO SA AKING PAMILYA.
KUMUSTA NA KAYA SILA NGAYON? KUMAKAIN KAYA SILA SA ORAS? PA'NO KUNG MAGKASAKIT SILA AT NAKADESTINO SI VINCE SA MALAYO? PAANO KUNG MAAKSIDENTE SILA?
HOMESICK? SA UMPISA LANG 'YAN, HANNAH. GANIYAN DIN AKO NU'NG UNA, PERO NAKASANAYAN KO RIN.
ANG GUSTO KO LANG AY MAGANDANG KINABUKASAN PARA SA PAMILYA KO.
ANG MASAKLAP, HINDI PALA LAHAT NG MAGANDANG LAYUNIN AY NAGWAWAKAS DIN SA MAGANDA.
BEAUTIFUL!


Very beautiful!
He-he-he-he!
Huh! A-anong...?! Sir! What are you doing here!
Ssssh! Don't talk! I'll give you money! Lots of money! He-he-he!
No! I don't want! I don't want!
HEEELP !!?!
Hey!
Stupid!
Stupid!



TALIWAS SA MASAYANG MULING PAGKIKITA-KITA, ISA NA SIYANG MALAMIG NA BANGKAY NANG UMUWI SA'MIN.
HANNAH! HANNAH!
INAY! BAKIT NINYO KAMI INIWAN! HU-HU-HU!
ANG MGA INA ANG ILAW NG TAHANAN. ANG KAMATAYAN NILA'Y NAGHAHATID NG KARIMLAN SA PAMILYANG INIWAN.
WALA NA SI NANAY! WALA NA RIN SI TATAY, HU-HU-HU!
HANNAH! HINDI KO KAYANG MABUHAY NG WALA KA, HANNAH! WALA NG HALAGA ANG BUHAY KO NGAYONG WALA KA NA!
SA SOBRANG KALUNGKUTAN AY NAPABAYAAN NI VINCE ANG SARILI. BUMAGSAK ANG KALUSUGAN NITO, NAGKASAKIT, AT 'DI NAGLAON AY NAMATAY.



SA PAGKAWALA NG INA AT AMA NA KAKALINGA SA KANILA AY NALIGAW NG LANDAS AT NAPAHAMAK ANG MGA ANAK.
HINDI TOTOO 'TO!!! HINDI 'TO TOTOO!!!
HAAAH! P-PANAGINIP LANG PALA ANG LAHAT!








NA GINAWA KO NAMAN TALAGA. NAGSIMULA AKONG MAGHANAP NG AHENSYANG MAKAPAGBIBIGAY NG MGA IMPORMASYONG KAILANGAN KO.






SA PAMAMAGITAN NG PAGBABASA AT PAKIKINIG SA KANILANG MGA PROGRAMA AY TALAGANG NATUTO AKO. TALAGANG NAARMASAN NG SAPAT NA KAALAMAN ANG SARILI PARA SA PANGINGIBANG BANSA.







ISA AKONG INA. AT DAHIL NAG-IISA LANG AKO PARA SA PAMILYA KO, AT DAHIL NAPAKAHALAGA KO PARA SA PAMILYA KO...
"UMALIS MAN AKO NGAYON AY PANATAG NA ANG LOOB KO."
...KAILANGANG I-PRIORITIZE KO ANG KALIGTASAN KO. KUNG PA'NO KO MAIINGATAN NG HUSTO ANG SARILI KO.
"KAPAG NAPAHAMAK ANG INA, MAPAPAHAMAK ANG BUONG PAMILYA."
ILANG BUWAN NA LANG AT MAKAKABALIK NA 'KO NG PILIPINAS. MAKAKAPILING KO NA ULIT ANG PAMILYA KO.

KAPAG MAGANDA ANG KALAGAYAN NG INA,...




Bukang Liwayway
by: Maria Regina Angela G. Galias
LORD, PAPANALUNIN NYO NAMAN AKO SA LOTTO O KAYA MAKA-PAG-ASAWA SANA AKO NG MAYAMAN PARA MATULUNGAN KO ANG PAMILYA KO.
NAY, PUWEDE NA KAYA AKONG MAG-ARAL SA ISANG TAON? YUNG MGA KAKLASE KO MATATA-POS NA NG HIGH SCHOOL. E, AKO 2ND YEAR PA LANG SA PASUKAN?
KUNG SA AKIN IPAPAGAWA NI MRS. SAMANIEGO YUNG MGA UNIPORME PARA DUN SA OPISINA NILA.
TALAGA, NAY?
SUS, BAKIT HINDI KUNG MAYROON TAYONG PAMBAYAD. PERO HUWAG MO MUNANG PANGARAPIN, ANAK.



Basta! Matutupad na rin ang pangarap kong maging flight attendant balang araw.
Para makarating sa iba't ibang bansa, gaya nang napapanood ko sa TV.
Hanggang isang araw...
Hoy, Netnet! Netnet!
Ikaw talaga Simang! Ke' aga-aga nambubulahaw ka ng mga tao
Taray naman! Atsaka puwede ba huwag mo akong tawaging Simang...
Melody po!
E, hindi ka naman mukhang Melody no?!
Tse! Wag' na kasing kumontra!
Hay naku, bespren! Mamalasin tayo sa kaartehan mo. Tara na nga!


Simang, sabi ni Nanay baka makakapag-aral na ako ulit!
Buti ka pa! E si Nanay parang gusto akong ipasok dun sa factory. Di ba ang saklap non, bespren?
Ay oo nga pala. May sasabihin pala ako sa iyong chismis.
Sino na namang artista ang pinag-aksayahan mo ng panahon?
Hindi artista!
Si Vanessa Rodriguez!
"Ha, artista ba 'yun?"
"Hindi nga, ang kulit! Si Vanessa yung kaklase natin nung grade 6. Mayaman na daw kasi nakapag-asawa sa Japan!"
"Talaga?!! Suwerte naman niya!"
"Eto mas magandang balita...yung nagpaki-lala kay Vanessa dun sa asawa niya nakuha ko yung cellphone number."
"Ano, magpapa-hanap ka din ng asawa?!"
Bakit hindi? Asawa, trabaho...
kahit ano basta ba yayaman agad ako puwede na.
Trabaho? May trabaho daw na inaalok? Saan? Sa Japan?



Uy, kunwari pa kanina. Gusto rin pala. Text na lang natin.
Sige na, Misis o kaya naman baka may kilala pa kayong foreigner na naghahanap ng asawang Pinay, pwede din ako.
A, Ma'am matutulungan nyo po kaya kami na maka-punta din sa Hong Kong?
Ano ka ba? Pasensya na po kayo sa kanya.
Ilang taon na ba kayong dalawa ha?
Disisyete po, siya po disisais.
Naku, makakasuhan pa ko nyan at menor de edad pa kayong dalawa!
E, si Vanessa po ka-edad lang po namin. Baka naman po may paraan? Tulungan naman nyo kami, Misis. May 4 pa po akong kapatid na papag-aralin.
Kung sa paraan, meron. Pero hindi ganoon kadali.
Sige na Ma'am, kahit ano na po papayag kami.
Naghabilin si Mrs. Villapeña sa dalawa na magbigay ng kopya ng birth certificate at litrato para sa pagkuha ng pasaporte. Lumipas ang 2 linggo at nakuha na ng dalawa ang kanilang pasaporte. Saglit itong pinakita sa kanila ni Mrs. Villapeña ngunit hindi nila nabasa ang lahat ng detalyeng nakasulat dito. Walang pagsidlan ng tuwa ang dalawa dahil saglit lang ay makaka-alis na sila ng Pilipinas.



HINDI PA AGAD, IHA. HINTAYIN MUNA NATIN ANG IPAPADALANG TICKET NG MGA AMO NINYO.
E, MISIS. KUNG MAY PASSPORT NA KAMI, IBIG SABI-HIN PWEDE NA KAMING UMALIS?
PILIPINAS
SAAN PO BA KAMI MAMAMASUKAN? SA FACTORY?
MA'AM, MAGKANO PO BA ANG SUSUWELDUHIN NAMIN?
MGA 500 HONG KONG DOLLARS KADA LINGO, HALOS TATLONG LIBO.
BES, JACKPOT TO!!!
PERO DAHIL ABONADO AKO, KAKALTASAN KO ANG SAHOD NINYO HANGGANG MAKABAYAD KAYO SA NAGASTOS KO PARA MAAYOS ANG PAPELES NYO.
"PAYAG NAMAN PO KAMI, MISIS."
"GOOD! HINTAYIN NYO ANG TAWAG KO PARA MALAMAN KUNG KAILAN KAYO AALIS."
HINDI LUMIPAS ANG 5 ARAW AY TUMAWAG NA SI MRS. VILLAPEÑA...
NAY, TANGGAP NA PO AKO DOON SA INAPLAYAN KONG TRABAHO. SA LINGGO NA DAW PO ANG ALIS NAMIN NI SIMANG.




SIGURADO KA NA BA DYAN TALAGA, NETNET?
E, NAY, MABUTI NA ITO AT MAKAKADAGDAG NA AKO SA KINIKITA NI TATAY AT KUYA. PAGBALIK KO MAKAKAPAG-ARAL NA AKO ULIT.
TSAKA NAY, PANGARAP KO RIN NAMAN NA MAKAPAG-ABROAD E.
KUNG AKO ANG MASUSUNOD E DITO KA NA LANG SANA PERO MALAKI KA NA. BUTI NA LANG MAGKASAMA KAYO NI MELODY DOON.
O, KUMPLETO NA BA ANG LAMAN NIYANG MALETA MO?
Bus
Taxi
Gate
Gate
O, ANO MISIS? SILA BA YUNG SINASABI MO?
OO. SIYA SI SIR CHARLIE. SIYA NA ANG BAHALA SA INYO PAPUNTANG HONG KONG. SIYA ANG HAHAWAK NITONG PASAPORTE NYO DAHIL SANAY NA YAN SA PASIKUT-SIKOT SA LOOB. SUMUNOD NA LANG KAYO AT HUWAG NIYONG KAUSAPIN ANG IBANG MGA TAO.
HABANG PAPASOK SA AIRPORT...
SIMANG, PARANG KINAKABAHAN AKO NA HINDI KO MAINTINDIHAN.






Mabilis na nakalusot ng ticket at immigration counters ang grupo. Tama si Mrs. Villapeña, kabisado na ni Sir Charlie ang bawat sulok ng airport. Mahigit 2 oras lamang ang biyahe mula Maynila hanggang Hong Kong.








PASOK SA LOOB. DOON MUNA KAYO SA KUWARTO. MAY PAG-KAIN DYAN, WALA MUNANG LALABAS HANGGA'T HINDI KO SINASABI. BUKAS NA KAYO MAGSISIMULA.
OPO.
BES, NASA ABROAD NA TAYO! EXCITING!
E NAKAKULONG NGA TAYO DITO! ANONG EXCITING DUN?!
BASTA MGA GIRLS, SHOPPING TAYO SA UNANG SWELDO HA?
SAAN PO TAYO PUPUNTA, SIR?


FERRY
Ako si Charito pero tawagin nyo na lang akong Ate Chit.
May kaunting problema sa mga papeles nyo. Kaya magbabago ang plano. Doon ko na ipapaliwanag sa inyo pagdating. Sumunod na kayo sa loob kay Charlie.
Opo.
Pinasakay sila sa ferry at bumiyahe ng halos isang oras.
Pagdating ng Macau, muli silang pinasakay ng van kasama si Charlie at Chit at tumungo papunta sa kanilang titirhan.



Mr. Chung, here are the girls I promised you.
Ah, yes. They're very young and pretty.
So, what about your promise?
Of course!
It's a pleasure doing business with you!
Ate Chit! Saan kayo pupunta? Ate Chit?!
Where do you think you're going, bitch?


SHEILA! TAKE CARE OF THEM.
TUMAYO NA KAYO DALI. MAPAPAHAMAK TAYO PARE-PAREHO.
ITO ANG IMPIYERNO SA LUPA. BAKIT BA KAYO NANDITO? MAPAPAHAMAK LANG KAYO. ANG BABATA PA NINYO.
ATE, SINO PO BA YUN? ANO PONG GAGAWIN SA AMIN DITO?
ATE, IBE-BENTA BA NILA KAMI?
IPAPAKILALA KAYO SA MARAM-ING LALAKI, PAGSASAMANTALA-HAN AT AABUSUHIN. KAYA KUNG MAKAKITA KAYO NG PAG-KAKATAON, TUMAKAS KAYO.
GAANO KA NA KATAGAL DITO?
"MAG-IISANG TAON NA. MAY NAG-RECRUIT SA AKIN SA LAGUNA, ANG SABI DH DAW SA SINGAPORE PERO DITO AKO INIWAN."
MAY ANAK NGA AKO SA ATIN. LIMANG TAON LANG NUNG INIWAN KO SA NANAY KO. MAG-AARAL NA KASI SIYA, WALA NAMAN AKONG PERA. HINDI KO NA NGA ALAM KUNG ANONG NANGYAYARI SA KANILA.


Gabi-gabi, kailangan magdala raw kayo ng mga lalaki sa casa...
Pipilitin mong bilhan ka nila ng beer. Bawat beer katumbas ng 1 puntos, sa isang gabi dapat hindi bababa sa 25 ang maipon mo para hindi ka saktan.
"Paano po namin gagawin yun hindi naman kami marunong mag-Intsik o mag-Ingles?"
"Kanya-kanyang diskarte dito. Mahalaga magawa mo ang gusto nila para hindi ka pag-initan."
"Paano kung bastusin kami?"
"Hindi yan maiiwasan dito. Basta ngumiti ka na lang at huwag kang papayag na abusuhin."
Hey, Miss Pretty. Are you free?
Ah, e...
Can I sit here beside you?
Hey, waiter! Can we have a round of beer, please?


DIYUSKO! PAANO KAMI MAKAKA-TAKAS NITO?
HANGGANG ISANG GABI...
TULUNGAN NYOO KOOO!!!!
NETNET!!! SAKLOLOOOO!!!
HUWAG KA NA MAKIALAM. LALO LANG SIYANG MA-PAPAHAMAK.
MELODY...


Net, andyan na yung hinihintay mo. Ako na ang bahala sa kanya. Sige na at baka pati ikaw malintikan kay Mr. Chung.
Antonette, anything wrong?
Steve...
Pilit kinuwento ni Antonette ang pinagdaanan nya sa kamay ng mga recruiter mula Maynila hanggang Macau. Hindi gaanong mainitindihan ni Steve ang sinasabi nito. Nagbakasakali siya at hiniram ang telepono ni Steve.
Hello, sino po sila?
Kuya! Kuya si Netnet to!
Kuya, tulungan mo ko! Dinala kami sa Macau! Nakakulong kami dito sa casa!


Sa Pilipinas, hindi na mapakali ang kapatid na si Edward sa mga narinig. Agad siyang nagtanong-tanong kung saan makakahingi ng tulong para mailigtas ang nagmamakaawang kapatid.
Kinaumagahan ay pumunta agad ito sa tanggapan ng POEA sa payo na rin ng isang kasamahan sa trabaho.
Pagdating doon ay pinayuhan siyang pumunta sa Commission on Filipinos Overseas para magsumbong sa Task Force Against Human Trafficking.
Pagdating niya sa CFO, kinausap sya ng isang case officer. Inilahad niya ang naganap na pag-uusap nila ng kapatid.
Hello, this is an overseas call from Manila. May I speak with Antonette Reyes please.
Yes, hello. Antonette? Oh, she's not with me. I met her in this place here in Macau.
Do you remember the place where you last saw her? Is it possible for you to get hold of her today?
I'm not sure, but I can find my way back there. It's a club I went to a couple of times. What is this about? Who's this I'm talking to?
I'm from the Commission on Filipinos Overseas, a government agency from Manila, Philippines. We are helping Antonette's family to find her. She made a call to her brother using your number...
"...Can you help us, Sir?"
NIGHT BAR
POLICIA

Matapos maipaliwanag kay Steve ang mga pangyayari, agad na nakipag-ugnayan ang CFO Task Force Against Human Trafficking sa Department of Foreign Affairs para agad matunton ang kinaroroonan ni Antonette at ng kaibigang si Melody. Kinailangang magpadala ng mga pulis sa casa para mapalaya si Antonette at iba pang mga Pilipina sa kamay ng mga trafficker sa Macau. Kinasuhan din ng paglabag sa batas ng Human Trafficking ang mga dayuhang kumupkop at nang-abuso sa mga kababaihan.










KINABUKASAN...
NETNET ANAK...?!
ANAK, ANO BANG GINAGAWA MO DYAN? SA UULITIN MAGPAPAALAM KA NAMAN.
NAY, ALAM MO... PARANG NARATING KO NA ANG IMPYERNO NUNG NAKAKULONG KAMI SA CASA. PATI SI MELODY NAPAHAMAK. PERO NGAYONG NAKITA KO NA ULIT ANG BUKANG LIWAYWAY PARANG NA-PAPALAPIT NA ULIT AKO SA LANGIT.
NAY, SORRY PO.
HUWAG MO NA KAMING ALALAHANIN, ANAK. BASTA ANDITO KA NA SA TABI KO.


SA ISANG BEACH RESORT NG LA UNION, HINIHINTAY NI MAX ANG KALAGUYO NIYANG SI MARINA, ANG MAY- ARI NG RECRUITMENT AGENCY SA BAGUIO KUNG SAAN SIYA NAGTATRABAHO BILANG MANAGER.
DITO SILA MALIMIT MAG-TAGPO DAHIL KOMBINIENTE SA KANILANG DALAWA ANG LUGAR NA ITO. MULA LA UNION, TUTULOY SI MARINA SA MAYNILA KUNG SAAN MATATAGPUAN ANG KANIL-ANG MAIN AGENCY.
QUO VADIS, ILLEGAL RECRUITER?
by Crisostomo M. Ilustre


AT HABANG PINAGMAMASDAN NI MAX ANG TILA NAGHAHABULANG MGA MOTORBOATS, SUMAGI SA KANYANG ALA-ALA ANG ISANG HALOS KA-PARIS NA EKSENA DALA-WANG TAON NA ANG NAKAKARAAN.
ITAPON N'YONG LAHAT NG KARGAMENTO! HUWAG MAGTIRA NG EBIDENSIYA!
ARUYYY! NATAMAAN ANG BISIG KO! NATAMAAN AKO!



Sige!
Huwag mag-iiwan!
Di bale nang malugi
kaysa mahuli tayo!
Ooops!
Aghh!
Ahhh!
Hala!
Sumama kayo sa
headquarters! kayo
pala ang mga smug-
gler na nagdadala
ng mga kontrabando
sa poro!
Hindi kami mga
**smuggler**!
mangingisda
kami!
Wala kaming
alam sa sina-
sabi n'yo!
Magaling!
Nandiyan ka
na pala,
Sweetheart.
Paano mo ako
mamamalayan
eh, busy ka sa
panonood ng
mga **nakabikini**
d'yan?
Ikaw naman,
naalala ko lang
ang trabaho
namin sa
Ilocos...halika
nga!



Nagtataka si Max kung bakit tinipan uli siya ni Marina samantalang kagagaling lang nila rito nitong nagdaang araw.
Ang walanghiya! Pero hindi naman problema 'yan eh! Kayang-kaya ko ang inutil mong asawa.
Malaking problema. Nalaman na ni George ang tungkol sa atin. Nagsumbong 'yung applicant na humihingi ng refund
Pero hindi mo kaya ang mandamiento de aresto na ihahain na sa akin bukas! Nakatakas at nagsumbong ang tatlong taga-Bicol na ipinasok natin sa isang kasa sa Singapore.
Ano? Di nakademanda ka na naman ng human trafficking at illegal recruitment?
Natatakot ako, Max! Malakas ang pulitikong tumutulong sa kanila! Bukod diyan, hinahanap na ako ngayon ng kamag-anak nilang killer...
Sa amin ka na lang puwedeng magtago. Marami na tayong niloko sa Iba't-ibang dako ng Pilipinas. ..tiyak marami ang nakakakilala sa atin.
Inilahad ni Marina ang plano niyang aalis silang dalawa ni Max patungong Roma. Tutulungan sila ng kapatid niyang nasa Milan. may sapat silang gagastahin dahil inilabas na lahat ni Marina ang pera ng agency na nakapangalan sa kanya. Bukod d'yan, marami pa siyang nakolektang hindi pa nairemit sa mga principal niya.
Papa'no si Norma at mga bata?
Kung mahal mo ako, iwanan mo sila. Isa pa, pera lang naman ang gusto ng asawa mo sa'yo! pag natatapunan ko naman, hindi na umaangal!
Masuwerte ako ngayon, Norma. Bukod sa nakabenta na tayo ng malaki, mayroon pa tayong ulam.. mabibibli ko na rin 'yung hikaw na Indonesian gold..."yung kursunada mo.
Bakit? Kuntento ka na ba sa ganyan? At kailan ka kaya uli susuwertehin? Kailan pa kaya tayo magkakaroon ng magandang bahay...kagaya ng kay Ate Salome na tatlong taon lang namalagi sa Hongkong?
Di ba sabi mo noong bagong kasal pa lamang tayo...na kuntento ka na pag nakabili tayo ng motorboat? At kumikita ka naman, ah, sa pagtuturo mo?
Noon 'yon! Pero nakausap ko ang Ninong Martin natin na isa na pala ngayong kontratista sa gobyerno at nagmamay-ari ng isang malaking furniture shop sa Ilocos Norte. Gusto Niyang I-manage mo ang business niyang pagpupuslit ng kontrabando....


Wala kang problema... malakas tayo sa mga coast guard at pulitiko...
May malubhang sakit daw ang dating piloto at manager ni Ninong... sa isang biyahe lang daw n'yan, kikita ka na ng di bababa sa two hundred thousand pesos...
Subukan natin, Ninong. Kaya naman siguro natin ang maki-ipagbanatan!
Biro mo, isandaang libo kaagad ang naparte ko sa isang biyahe lang!
Sabi ko na sa 'yo eh! Isang taon lang, makaka-pagpatayo na tayo ng magandang bahay!
Nagtataka lang ako...masyadong galante si Ninong...kahit sa mga tao ko.
ikaw ba naman ang makatopo ng kon-trata sa gobyerno, magmamaramot ka pa ba? Ha-ha-ha!
kaya lang, mahirap din ang mag-abang ng barko, aakyat at magbababa ng mga kargamento...
Pero pag nadala naman sa Poro, kuwarta naman agad! Oo nga pala... ibukod mo 'ko ng tatlong scooter na order ng mga co-teachers ko.
Hayaan mo't ipagbubukod kita ng hindi na kailangang irecondition pa... 'yung kasing-ganda mo...
O kasing-ganda ng mga chicks mo sa pinagpopondo-han n'yo sa Calayan?
Hiyang-hiyang nagreport si Max sa Ninong nila dahil sa pagta-pon nila ng mga kontrabando upang hindi sila matiklo.
Don't worry! Part of the business 'yan. Babawi na lang tayo sa susunod.
Salamat Ninong at nauunawaan mo ako. Babawi tayo!


Pagkaalis ni Maestro Martin, siya namang pagdating ng pinsang babae ni Max na kasama ang manager ng recruitment agency na pinag-apply-an niya.
Just call me **Max**, Madam...
Nasabi ko sa kanya na mura ang mga chop-chop mo, 'insan.
Baka bilhin ko na lahat 'to...kung magkakaintin-dihan tayo sa presyo, **Max**.
Humantong 'yan sa madalas na pagbili ni Marina ng mga scooter na pangsuhol niya sa mga NBI at pulis dahil kursunada rin niya si Max.
Nagkataon namang pahina na ang nego-syo nina Max dahil bukod sa kokonti na ang mga barkong pu-mupuslit, madalas pa silang hulihin ng mga coast guard.
Aburido ako.. gusto na ring itigil ni Ninong ang negosyo namin...
Ang mabuti pa, mag-abroad ka nalang... tutal, chicks mo naman 'yong suki mong recruiter...
Ha-ha-ha...
Dito ka na lang...gagawin kitang manager sa Baguio branch namin...higit pa ang kikitain mo dito...isa pa...ang Rome na hinahangad mo...ay nasa akin.
Pinuntahan ng dalawa si **Julie**, ang kumare ni Marina na isa ring recruiter ng mga aplikante sa **Italy.**
Half million sa inyong dalawa... money down... pero dahil magku-mare tayo at iisa ang ating prope-syon, kahit kala-hati lang muna ang ibigay mo sa akin
Maraming salamat, kumare...
Ang balance... saka mo na lang ibigay pagdating n'yo sa Rome Sweet Rome...ha-ha-ha
Ha-ha-ha
Ngayon kagaya ng sinabi mo nang tawagan kita, maikukuha mo kami ng SCHENGEN VISA pagdating sa Malaysia?
Korek! 'yan ang lisensya n'yong papunta sa Europe...anywhere among the member countries of the European Union...
At ipinaliwanag ni Julie na nakausap na niya ang ahenteng sasalubong sa dalawa pagdating nila ng Malaysia. May nakahanda na ring bisang mababaklas para sa dalawa.
Ang masasabi ko lang, hindi ako agency...isa lang akong **facilitator**... tinutulun-gan ko lang kayo. pero kung sakali't di kayo makakuha ng bisa, ireremedyuhan kayo ng aking ahente sa Malaysia
**Naku...ang bait-bait mo kumare...**
Sana, ba-wasan mo pa ang bayad namin!...He-he-he...


Mula sa Kuala Lumpur Airport, nag-pahatid sa isang mu-murahing hotel doon sina Max at Marina, Nagkataong Pilipino ang driver ng sinakyan nilang taxi na nakapag-asawa ng isang taga-Sabah.
Turista kami...pero hindi kami magtatagal dito...tutuloy kami sa Italy.
Ako naman si Max...
Ha-ha-ha!... Sinasabi ko na nga ba eh, pumunta kayo rito para kunin ang visa n'yo pap-untang Nether-lands! lumang stroke na 'yan!
ANOo?
Pero malay natin, baka naman honest ang ahente n'yo. marami na akong pasaherong umuwing isinum-pa ang kanilang recruiter.
Kumare ko ang tumutulong sa amin... hindi naman siguro ako dedengguyin n'yon.
Sana nga...pero dapat sa mga recruiter na walang puso ay masunog ng buhay!
Hindi tuloy makatulog si Marina ng gabing 'yon sa pagkabagabag sa mga ginawa nilang panlilinlang sa mga aplikante na hindi lang nalimas ang pera, kundi nasadlak pa sa pros-titusyon ang karamihan sa kanila. Bukod pa dito ay ini-habla pa sila ng mga di nila nai-deploy.



Nang lumaon, sinabi na ni Girlie na magpro-proceed sila sa Morocco, isang free country para doon sila kumuha ng tourist visit papuntang Tunisia.
Tunisia? Aba, hangganan na 'yan ng North Africa...
Don't question me, Sir... it doesn't matter whether it is in Zimbabwe or Antartica tayo kukuha ng visa...
Ang importante lang, dadaan ang eroplano sa Netherlands. Pagkatapos, maghihintay ka pa ng walong oras bago tutuloy ang eroplano sa Tunisia...at para makalabas tayo, hihilingin sa immigration authorities na bibisitahin natin ang kanilang bansa...
Kunwa'y bibisitahin natin ang kanilang mga windmill...o iyong dike that surrounds Holland...because this place is below sea level...
God created the World but the Dutch created Holland.
Sinabi rin ni Girlie na oras na payagan sila makalabas, magbayad na sila ng kanilang balanse dahil may nakaabang na sasakyan doon na magdadala sa kanila sa Italy na hindi nasisita.
Pero malayong ruta 'yan... aabutin tayo ng siyam-siyam...
kung gusto mo ng short cut e di akyatin mo ang mga bangin, tiisin mo ang ginaw.. mabaril o di naman kaya, lapain ng mga aso na nakatago at nagbabantay ng border...
Nang dumating sila sa Netherlands, hindi pumayag ang mga immigration authorities dahil kamakailan lang, may nahuli silang grupo na ganoon din ang stratehiya.
Puwede naman kayong tumuloy sa Senegal baka makakuha kayo ng visang magtour ng Europe at doon na sa Germany kayo pupuslit dahil may ahente rin kaming sasalo doon...
Babalik na lang kami sa Morocco kung ganoon...dahil sabi mo may mahihintay kaming SCHENGEN VISA doon ...matagal nga lang.


Ganoon din ang advice ni Julie sa kanila sa telepono. Makakakuha rin sila ng visa sa loob ng isang buwan...
At lalo lang siyang nabahala nag sumulpot si Girlie, ang koneksyon ni Julie sa Malay-siaat sabihin nitong...
Sorry, folks...wala pa akong maibibig-ay na SCHEN-GEN VISA para sa inyo...
Pati ako, tataluhin n'yo! Hindi puwede 'yan! Pare-pareho lang naman tayo ng racket , a...
Tarantada! Anong magagawa ko kung talagang ala pa? gusto mo bakla-sin ko ang visa ng teenager at saka isal pak ko ang mukha mong hukluban?
Hayup na 'to, a!
Huwag kayong magalit! Kayo ang lumapit at nagma-kaawa! Wala kaming ipinasigurado sa inyo!
Huminahon ka Sweetheart...
Magkikita kami ngayon ng isang ahenteng inirefer sa akin ni Julie. May alam daw siyang remedyo.
Kailangang makaalis na tayo dito, Sweetheart... nag-aalala na rin ako sa naiwan kong pamilya...
Emergency ito, Inang. Pupunta ako sa Rome...pero mag-iiipon lang ako doon...tapos baba-lik na ako dito.
Paano ngayon 'yan? Baka gabihin sina Norma at ang Ninong n'yo... ka-hapon pa sila naghahanap ng buyer ng bangka...



Iba ang sumagi sa isipan niya sa narinig niyang 'yon. Mabigat ang loob niyang umalis sa kanilang bahay...
Para sa mga bata, kailangan kong magtagumpay.
Sinabi ng contact ni Marina na may connection itong Morocchino na kapitan ng barko.
Isasakay si Max... at ikaw naman, para hindi mahalata, ipupuslit ka ng isang dump truck... nagkakarga ito ng mga gulay papuntang Genoa.
Maganda kung ganon.
tatabunan ka ng mga gulay para makalusot ka sa border. O, di simple...walang kahirap-hirap! five thousand dollars lang... nandoon ka na!
At ikaw naman, Sweetheart ay isasakay sa barko pero hanggang laot lang dahil wala na rin silang koneksiyon sa ibang puerto... nagkakarga rin ang barkong ito ng mga produktong galing Morocco..sasalubungin ka ng fishing boat at siyang magdadala sa 'yo sa liblib na parte ng Italy...May tig-isa tayong mapa at sketch kung paano tayo pupunta sa Rome...magkita na lang tayo doon, sweetheart!
Tahan na... huwag ka nang umiyak...ang importante, makakapunta na tayo sa Rome.
Hu-hu-hu.,.mag-ingat ka sana Sweetheart..
Noong maihatid ni Max si Marina, naratnan niya ang mag-asawang aplikante sa hotel na dapat sana ay kasama rin ni Marina ang babae...
Hindi ko na siya pinatuloy dahil narinig ko doon na delikado raw ang sistemang 'yon...pag dating sa border, tinutusok daw ng mga guwardiya ng matulis na bakal ang bawat sulok ng trak...
Diyos ko! Paano na ngayon si Marina... sana'y di mangyari 'yon!


Nag-aalalang pumunta sa pantalan si Max. At habang hinihintay nila ang kapitan ng barko...
Dati , sa mga dram na 'yan ikinakarga ang mga aplikante. Itinata-pon na lang sa laot at bahala na kung masagip ng mga contact na mangingisda...pero safe na ngayon...
Sana nga...matupad sana ang sinabi mong sasamahan ako mismo ng kapitan pagdating sa Roma.
Try this, we call this Bastilla. Pigeon..cooked with nuts and raisins..Morocco specialty. Good with brandy.
I'll taste it...you're kind...you speak good english.... uhmmm...plenty of chili and ginger, delicious!
Sinabi pa ng kapitan na mailulusot niya si Max sa immigration. Pero kung may huli sa laot, wala na siyang magagawa...
But you told me it is safe...so I gave you money...
I need money!
Nang nasa laot na sila, biglang humabol sa kanila ang isang patrol boat.
The immi-gration police! They will inspect us!
What am I going to do?
Jump! Jump into the sea!
I told you to Jump! I don't want trouble! Mennn!
You sonnababitch! Don't throw me... I'll give you moneyyy!
At kagaya ng kontra-bandong itinapon niya sa dagat noon... ay nilamon na rin ng karagatan ang katawan ng isang illegal recruiter kasama ang magan-dang pangarap para sa kanyang mga anak.
-END-


ILAW SA DILIM
by Ian Vergel B. Agsalda
Payak ang pamumuhay nila Aling Nita at Linda.Dahil ulila sa ama, mag-isang itinaguyod ni Aling Nita ang pamumuhay nilang mag-ina.
BANGUS! BANGUS KAYO DYAN!
ALE! ALE! MAG-KANO BA YANG BANGUS MO?
ABAY, MURA LANG PO! OTSENTA LAMANG ANG ISANG KILO.
KAMAHAL NAMAN! ANO YANG MGA BANGUS MO? GINTO?!
HINDI NAMAN PO. PAG-MASDAN NINYO, SARIWA AT MALALAKI PA!


DI BALE NA LANG! AKALA MO NAMAN SI DYESABEL ANG MGA ISDA MO. IYONG-IYO NA ANG MGA BANGUS MO!
INA, GAGAGAWIN KO ANG LAHAT MAIAHON KO LANG ANG ATING PAMILYA SA HIRAP.
SUSUKLIAN KO ANG LAHAT NG SAKRIPI-SYO MO. PANGAKO YAN. PANGAKO.
Dumaan ang mga taon. Sinikap ni Aling Nita na mabigyan ng magandang edukasyon ang kanyang anak at maipadala sa magandang eskwelahan. Habang si Linda, sinikap din niyang kumapit sa kanyang mga pangako na siyang nagsilbing inspirasyon niya sa pag-aaral.
HOY! LINDA. NANDYAN KA NA NAMAN SA SULOK! WALA KA BANG BALAK MABUHAY.
LUCILA, KAILANGAN KONG MAG-SUMIKAP PARA MA-BAGOANG TAKBO NG BUHAY NAMIN NI NANAY. GINAWA NIYA ANG LAHAT PARA SA AMIN KAYAWALA AKONG RASON PARA BIGUIN SIYA.
TAMA KA, BESPREN. SANA LAHAT NG ANAK SA MUNDO KATULAD MO! MASIPAG AT RESPONSABLE.
TUMIGIL KA NGA LUCILA. NAIIPIT AKO. HAHA!
LINDA, ISANG TAON NA LANG PALA ANG IYONG GUGUGULIN AT MATA-TAPOS KA NA SA PAG-AARAL.
Dumaan ang tatlong taon at sa kabila ng hirap ng buhay at kakulangan sa pananalapi, nagpatuloy ang mag-ina na mangarap at umasa sa magandang buhay.
OPO INAY, ISANG TAON NA LANG AT MATUTULUNGAN KO NA KAYO SA PAG-TATRABAHO. MAKAKAPAG-IPON NA RIN TAYO PARA SA MAS MAGINHAWANG BUHAY.


ISANG TAON NA LANG AT MAKA-KAPAGPAHINGA KA NA RIN. HINDI KA NA MAGLALAKO NG BANGUS. HINDI KA NA MANGANGAMOY ISDA.
SALAMAT ANAK. ABAY, PAG-IGIHIN MO ANG PAG-AARAL.
UHUH! UHUH!
NAKU, INAY! IYAN NA NGA BA ANG SINASABI KO. TUMIGIL NA MUNA KAYO SA PAGLALAKO NG ISDA. SAPAT PA NAMAN PO ANG NAIPON NATIN PARA SA ISANG TAON NA PAG-AARAL KO.
HUWAG MO AKONG INTINDIHIN, LINDA. NASAMID LAMANG AKO. MAG-ARAL KA NA AT BAKA IKA'Y BUMAGSAK PA SA EKSAMEN MO BUKAS.
INAY, HINDI MO MAIAALIS SA AKIN ANG MAG-ALALA. NANGANGA-YAYAT KA NA AT WALANG TIGIL PA ANG IYONG PAG-UBO. INIINOM NYO HO BA ANG MGA GAMOT NYO? BAKA NAMAN INUUNA NYO ANG PANG-MATRIKULA KO KAYSA SA GAMUT NYO?
INAY, MAY DUGO SA PANYO NINYO. INAY! INAY! TULONG! TULONG!
DOC, MAY PARAAN PA PO BA PARA MA-LIGTAS SI INAY?
MALUBHA NA ANG TB NG IYONG INA. HINDI NIYA PINAGPATULOY ANG PAG-INOM NG KANYANG MGA GAMOT. KUNG MAPAPABAYAAN ITO, MAARING MAGING MAS KOMPLIKADO ANG KANYANG KALAGAYAN AT MAARI NIYA ITONG IKAMATAY.
Lingid sa kaalamanan ni Linda, malala na ang dinadaing na tuberculosis ni Aling Nita.


MERON PA PERO MANGANGAILANGAN KA NG MALAKING SALAPI PARA SA MAHABANG GAMUTAN.
INAY, HUWAG KA MAG-ALALA, HINDI KITA PABABAYAAN. GAGAWIN KO ANG LAHAT PARA GUMALING KA. MAHAL NA MAHAL KITA.
Sapagkat dalawa na lang ang mag-ina na magkasama sa probinsya, nagpasya si Linda na humingi ng tulong mula sa kanyang kamag-anak sa Maynila.
HELLO, TITA NOLLY....
OH LINDA, NAPATAWAG KA? AT BAKIT KA UMIIYAK, MAY PROBLEMA BA DYAN?
MARE, TURN MO NA MAGBABA NG BARAHA.
TIYA, SI NANAY PO... MALUBHA ANG KANYANG KALAGAYAN. SINABI NG DOCTOR NA KAPAG HINDI MAAGAPAN ANG KANYANG KARAMDAMAN,
LALALA ITO AT MAARI NIYANG IKAMATAY. TIYA, TULUNGAN MO AKO. IKAW LANG PO ANG ALAM KONG MALALAPITAN.


OH SYA! ANO MAITUTULONG KO? MAGKANO BA KAILANGAN MO? PARA BA YAN SA GAMOT O KABAONG NA NG NANAY MO? ABA EH, LUBOG NA LUBOG NA KAYO NIYAN SA UTANG.
MISS! MISS! KAYO BA ANG ANAK NUNG NASA ROOM 203? HALIKA! BILISAN MO! ANG IYONG INA, NAGHIHINGALO NA.
PUNYEMAS!! BINAGSAKAN AKO NG TELEPONO! MALAS TALAGA YANG MAG-INANG YAN, PATI LARO KO MINAMALAS!! BWISET!!!
At tuluyan nang binawian ng buhay si Aling Nita. Tila namatay din ang pag-asa sa puso ni Linda sa pait ng pagkamatay ng kanyang ina.
INAY!!! HUWAG MO AKONG IWAN. LUMABAN KA!!! LUMABAN KA!!! INAY!!!! HUHU.....
ANO NGAYON ANG BALAK MO? ANG LAKI NG GINASTOS KO PARA MAILABAS ANG IYONG INA SA HOSPITAL AT PARA MABIGYAN SIYA NG DESENTENG LIBING BUKAS.
OPO TIYA, ALAM KO YUN. PERO PUWEDE PO BA NATIN PAG-USAPAN ANG MGA BAGAY NA YAN PAG-KATAPOS NG LIBING BILANG RESPETO SA AKING INA?
HUH! MAY NALALAMAN KA PANG RESPETO? TAPUSIN NA NATIN ANG USAPAN NA ITO. SUMAMA KA SA MAYNILA AT MAMASUKAN KA. MARAMI AKONG KAIBIGAN NA NAGHAHANAP NG KATULONG. SA GANUN, MAKAKAPAG-IPON KA AT MABABAYARAN MO AKO. INTIYENDES?



Walang nagawa si Linda kundi sundin ang kayang Tiya Nolly. Sumama siya sa Maynila dala sa pag-aakalang matakasan ang mga pagsubok sa buhay. Ngunit ang biyaheng iyon din ang umpisa ng mga bagay na susubok sa kanyang tagtag at paninindigan.
At tuluyan na ngang ulila si Linda. Nawalan na rin siya ng masasandalan at lakas ng damdamin. Halos pagsakluban siya ng langit at lupa sa pait ng mga pangyayari.
INAY, SA PAGPUNTA KO SA MAYNILA, DALA KO PA ANG MGA PANGARAL MO AT ANG PAG-ASANG BUMUBUHAY SA ATING MGA PANGARAP. HINDI-HINDI KITA BIBIGUIN. SUSUBUKAN KONG TUPARIN ANG LAHAT NG PANGAKO KO SA IYO. AT SA HULI, TIYAK KONG MAIPAGMAMALAKI MO AKO. MAHAL NA MAHAL KITA.
TIYA, NARARAMDAMAN KONG MAY IBANG MANG-YAYARI SA AKIN DITO. NANGANGAMBA AKO SA MAARING GAGAWIN SA AKIN.
UMAYOS KA NGA! AYAW NG MGA INTSIK ANG GANYANG MUKHA. MALAS YAN SA TRABAHO. YUNG UNANG SWELDO MO, IBIBIGAY NA SA AKIN DIRETSO NI MR. HO, PARA NAMAN KAHIT PAPAANO MABAWASBAWASAN ANG MGA UTANG NINYONG MAG-INA SA AKIN.
Pagdating ni Linda sa Maynila, agad siyang inirekomenda sa trabaho ng kanyang Tiya Nolly. Puno man siya ng pag-aalinlangan at pangamba, nilakasan niya ang kanyang loob para matupad ang mga pangako sa kanyang ina.
TIYA, ANO ITO? HINDI ITO ANG PINANGAKO MO SA AKIN. ANG SINABI MO, MAMAMASUKAN AKO BILANG KASAMBAHAY.
TUMIGIL KA! SA DAMI NG BABAYARAN MO, WALA KANG KARAPATANG MAG-INARTE.
SIYA BA, NOLLY? MUKHANG BATANG-BATA PA AH. MAGALING! WALA PA RIN KUPAS ANG TASTE MO, NOLLY. KIKITA TAYO NG LIMPAK DITO. HAHAHAH!
OH, BAKIT KA NATATATAKOT? TAMA KA NOLLY, BABY PA NGA ITO. PARANG KUTING, MATATATAKUTIN. HUWAG KA MAG-ALALA IHA, DI KA NAMIN KAKAININ-KAKAGAT-KAGATIN LANG... HAHAHA!
EH IYON NAMAN PALA LINDA, *IINGATAN* AT ***AALAGAAN*** KA NAMAN PALA NI MR. HO. HAHAHA!!!!


HUWAG!!! ILABAS NINYO AKO DITO! TULUNGAN NINYO AKO!!!!
PIGILAN NINYO SIYA!
OH WELL MR. HO, I KNOW WHAT YOU WANT. ALAM KO ANG TAKBO NG IYONG SIKMURA. SALAMAT SA GRASYA, KELANGAN KONG BUMAWI SA SUGAL!
EASY LANG, NOLLY. KUMUKULUBOT NA NAMAN YANG MUKHA MO, MALAS YAN. OH ETO ANG BAYAD SA MAGANDANG BIYAYA NA DALA MO. YOU NEVER FAIL TO AMAZE MY TASTE, NOLLY. HAHAHA!!!
SPLAK!
PUNYEMAS, HUWAG MONG BUWISITIN SI MR. HO, LINDA! GALANTE YAN, MALAKAS MAGBIGAY. HINDI MO BA NAIINTINDIHAN? PARA RIN SA IYO ITO, PARA MAGKAROON KA NG MAGANDANG BUHAY.MALAY MO, MAGING KABIT KA PA NG ISA SA MGA MILYONARYO NIYANG KAIBIGAN!!!
OH SIYA, MAKAKAALIS KA NA AT PAPA-AMUHIN KO MUNA ANG AKING BAGONG KUTING. HAHAHA!!!!
TIYA NOLLY!!! HUWAG MO AKONG IWANAN!! MAAWA KA!! TIYA!!!!
BAHALA KA NA MR. HO. SALAMAT! HANGGANG SA MULI!
ANO PA HINIHINTAY NINYO, DALHIN NA NINYO YAN SA HIDEOUT PARA NAMAN MAPAKINABANGAN, ANG MAHAL NG BAYAD KO DIYAN. TATAWAG LANG AKO SA MGA KUMPADRE KO AT IBABALITA ANG BAGONG FLAVOR OF THE MONTH!


Nag-umpisa na nga ang pinangangambah-ang kalbaryo ni Linda. Unti-unting mawawasak ang kanyang pagkababae at mabababoy ang kanyang pagkatao.
MAGHINTAY KA LANG DYAN AT AYUSIN MO SARILI MO! MAYA-MAYA LAMANG DARATING NA ANG MGA BUWAYA!
KUMPADRE, ITO ANG SORPRESA KO SA'YO. IKAW ANG UNA KONG TINAWAGAN DAHIL ALAM KONG ANG MGA KATULAD NIYA ANG MGA TIPO MO.
SIYA BA YUNG TAGA-CAMARINES? KUMPADRE, HINDI LANG PALA SIYA BICOL EXPRESS, ISA SIYANG BICOL'S DELIGHT!!! HAHAHA!!!!
COME ON MY BABY, DADDY IS HERE!!! GALINGAN MO BABE, GINTO ANG BAYAD KO SA IYO. COME ON.... HAHAHA!!!
UMALIS KA RITO!!! BITAWAN MO AKO!!!! TULONG!!!!! TULUNGAN NINYO AKO!!!
Dumaan ang mga araw at linggo, samut-saring lalaki at pagkatao ang naglabas-masok sa munting silid ni Linda. Isang silid na puno ng kalbaryo at nagmistulang selda ng kababuyan.
INAY KO, ANO PO ITONG KINAHANTUNGAN KO? SANA KASAMA MO NA LANG AKONG NAMATAY DAHIL MASAHOL PA SA IMPIYERNO ANG AKING KINALALAGYAN NGAYON. INAY KO!!!! HUHUHU!!!!
PUMUNTA KA NGAYON DIN SA SALA. KELANGAN MO MAGPA-INIKSYON PARA HINDI KA DATNAN NG ANIM NA BUWAN. PARA TULOY-TULOY ANG KITA NG HIDEOUT SA IYO!!!


Kahit labag sa kanyang kalooban, walang nagawa si Linda sa mga kahayupang ginagawa sa kanya ni Mr. Ho. Naiwan siyang walang karamay at kakampi hanggang nakilala niya si Venus.
PSST! KANINA KA PA WALANG IMIK. BAGO KA LANG BA? HALATANG DI KA SANAY SA GANITO. AKO PALA SI VENUS.
AKO SI LINDA. MAGDA-DALAWANG LINGGO NA AKONG NASUSUKA SA MGA KALASWAANG GINAGAWA SA AKIN. MASAHOL PA AKO SA ASONG PINAKAWALAN SA KALYE NA KAHIT SINONG MAKASALUBONG KO AY LIBRE AKONG HALAYIN.
BAKA ITO NA RIN ANG UNA AT HULI NATING PAGTATAGPO, LINDA. NABALITAAN KO NA IPAPATAPON AKO DAHIL HINDI NA AKO MABILI SA MGA CUSTOMERS. NATATAKOT AKO NA BAKA IBENTA RIN ANG MGA KIDNEYS KO BAGO AKO IBALIK SA PROBINSYA GAYA NG GINAWA SA MGAKASAMAHAN KO DATI.
ALAM MO, MGA HAYUP TALAGA SILA. NOONG WALA PA MASYADONG BABAE DITO SA HIDEOUT, KINAKAILANGAN NAMING MAGKAROON NG BENTE NA CUSTOMERS SA MAGHAPON PARA MAKA-KAIN. HALOS KADA KINSE MINUTOS MAY GUMAGAMIT SA AKIN! HINDI LANG KATAWAN KO ANG NILASPAG NILA KUNDI PATI ANG AKING PURI'T DANGAL.
NATATAKOT AKO, VENUS. NATATAKOT AKO SA MAAARING GAWIN DIN SA AKIN. AYAW KO NA RITO. HUHUHU!
Bukod sa prostitusyon, malawak ang network ng sindikato ni Mr. Ho sa droga at iba pang masasamang elemento sa buong timog-silangang Asya.
MASTER X, HOW IS OUR BUSINESS GOING ON THERE? I JUST SHIPPED 100 PACKS OF COCAINE STUFFED INSIDE A TEDDY BEAR. DID YOU RECEIVE IT?
DAMN YOU, MR. HO! THAT TRICK IS WAY AGES. THE COCAINE HAD BEEN TRAPPED BY THE CUSTOMS. TRY SOMETHING NEW! I WANT MY COCAINE NEXT WEEK!


TAWAGIN NINYO SI LINDA! NGAYON DIN!
LINDA, SAPAGKAT IKAW ANG AKING BABY, I HAVE A SPECIAL MISSION FOR YOU. PUMUNTA KA SA MALAYSIA AT IDELIVER MO ITO KAY MASTER X.
DROGA YAN! PAANO KO MAIPUPUSLIT ANG ISANG BAGAY NA IPINAGBABAWAL?
KAYA GUSTONG- GUSTO KITA DAHIL NAG-IISIP KA. WELL, KUNG DI MO MAILALAGAY SA BAGAHE, PWES, LUNUKIN MO AT ILABAS MO SA MALAYSIA! GUARDS! BILIS, HAWAKAN NIYO SA KAMAY SI LINDA!
HWAG!!! MAAWA KAYO!!! MGA HAYOP KAYO!
COME ON MY BABY, LUNUKIN MO LANG AND DADDY WILL BE VERY HAPPY. HAHAHA!!!
Matagumpay na napalunok ni Mr. Ho ang cocaine kay Linda. At mahusay din niyang naipuslit si Linda sa Malaysia.
Linda
SIR, AKO PO SÍ LINDA.
OH, LINDA. AKO SI LANDO, TAUHAN AKO NI MASTER X. HALIKA SA KOTSE PARA MAI-HATID KITA SA KANYA.


LANDO, ITIGIL MO ANG KOTSE. PARANG-AWA MO NA. PAGOD NA PAGOD NA AKO SA KABABUYAN NA GINA-GAWA SA AKIN. HINDI KO NA KAYA.
FIRST-TIME MO SA MALAYSIA? OK LANG YAN, MASASANAY KA RIN. GALANTE SI MASTER X BASTA SUSUNDIN MO LANG SIYA.
LANDO, MAAAWA KA. MAY INA KA RIN O DI KAYA'Y KAPATID NA BABAE. MAATIM MO BA NA MANGYARI SA KANILA ITO? UTANG NA LOOB, DALHIN MO AKO SA MGA PULIS, O SA EMBAHADA, O KAHIT SAAN NA PWEDE AKONG TULUNGAN PARA MAKIPAG-UGNAYAN SA AWTORIDAD SA PILIPINAS.
PERO MALILINTIKAN TAYO PAREHO KAPAG MALAMAN NILA NA ITATAKAS KITA.
SIGE, DADALHIN KITA SA CHRISTIAN MINISTRIES OF MALAYSIA KAY SR. DE LEON. MATUTULUNGAN KA NIYA. PERO LINDA, IPANGAKO MO, HUWAG MO AKONG IDADAWIT. MAY PAMILYA AKONG KAILANGAN BUHAYIN. AKO LAMANG INAASAHAN NILA.
OO LANDO, PANGAKO. MARAMING SALAMAT.
Sa unang pagkakataon, nakahinga ng maluwag si Linda. Isang pagkakataon na punong-puno ng kapayapaan at katatagan ng damdamin.
NAPAKA-PAIT NG IYONG PINAG-DAANAN, LINDA, NGUNIT HUWAG KANG MAWALAN NG PAG-ASA. ANG DIYOS AY LAGING NANDYAN UPANG IAHON KA AT LINISIN MULA SA PUTIK NA IYONG KINALAGYAN. MAGTIWALA KA NA LAMANG SA KANYA. HINDI NIYA KAGUSTUHAN ANG MGA NANGYARI SA IYO KAYA MAKAKA-ASA KA NA MAY MAGANDA AT MAAYOS SIYANG PLANO PARA SA IYO.
SALAMAT PO, SISTER, SALAMAT PO.


NAKAUSAP KO NA ANG TASK FORCE AGAINST HUMAN TRAFFICKING, HINAHANDA NA ANG KASO KAY MR. HO, SA IYONG TIYA NOLLY AT KAY MASTER X. PAGDATING MO SA PILIPINAS, KUKUNAN KA NG TESTAMENTO PARA MAIHANDA ANG MGA KINAKAILANGANG HAKBANG PARA MAKAMIT MO ANG HUSTISYA.
Sa tulong ng Commission on Filipinos Overseas at TFHT, nakauwi sa Pilipinas si Linda.
MALIGAYANG PAGDATING, LINDA. INAANYAYAHAN KITA SA AMING OPISINA PARA MAKUHANAN NG SALAYSAY. AT IKINAKASA NA RIN NG AMING OPISINA ANG IMBESTIGASYON SA HIDEOUT AT ANG ENTRAPMENT OPERATION PARA SA IYONG TIYA NOLLY AT KAY MR. HO.
SIR, MARAMING SALAMAT PO. HINDI NINYO ALAM KUNG GAANO AKO KASAYA NGAYON.
INA, ALAM KONG NAKABANTAY KA SA AKIN SA LAHAT NG PANAHON. SALAMAT SA PAGBIBIGAY SA AKIN NG PAG-ASA UPANG LUMABAN AT TUMAYO NG MATATAG. NASA KAMAY NA NATIN ANG HUSTISYA INA, NASA KAMAY NA NATIN.
Sa kabila ng dilim ng buhay, may mga tao at opisina na nagbibigay ng ilaw sa mga pag-asa. Ang CFO, isang ilaw sa mga dumilim na mga pangarap.


HAWAII on my mind
by Cherry Joy G. Veniles
ATE, MAG-INGAT KA LANG SANA, KASI MEDYO WORRIED SINA MAMANG. ALAM MO NAMAN, MAG-ISA KA LANG DYAN.
HAY NAKU, THESE THINGS ONLY HAPPEN TO PEOPLE WHO DON'T HAVE A SUPPORT NETWORK HERE, PAM. MABAIT DIN NAMAN ANG NAPANGASAWA KO. MALING THINKING LANG TALAGA AMONG PINOYS NA PORKE AFRICAN AMERICAN ANG NAPANGASAWA KO E, I'LL ALWAYS BE IN DANGER.
ANO BA'NG NANGYARI DUN SA MGA NAMATAY, ATE? SABI SA TV, MAY MGA NAIWAN PA DAW NA MGA BATA?
OH YEAH, UNDER INVESTIGATION PA. ANG MGA BATA, NASA SOCIAL SERVICE NA.


MEDYO NAGKAKAGULO NGA DITO ANG FILIPINO COMMUNITY KASI PARANG NGAYON LANG DAW NANGYARI. THESE THINGS HAPPEN APPARENTLY EVEN TO THE BEST OF FAMILIES.
DON'T WORRY SIS, IT WON'T HAPPEN TO ME. I'M CONFIDENT OF THAT. MAAYOS NAMAN ITONG SI MICHAEL, ANIM NA TAON NA KAMI AT DI PA NAMAN AKO NAPAGBUBUHATAN NG KAMAY.
Husband kills wife
OK THEN. KISSES TO DOS AND SAY HI TO MICHAEL FROM ALL OF US. BYE!
OK. ANG BALIKBAYAN BOX, BAKA NEXT WEEK PA NAMIN MAPADALA HA? BAHALA KA NA KINA MAMANG AT PAPANG. BYE!


HON, THERE'S A LETTER FROM THE BANK REMINDING US TO PAY THIS MONTH'S AMORTIZATION FOR THE HOUSE.
I THOUGHT YOU SAID THIS IS ALREADY COVERED?
MUST BE A MISTAKE. I'LL GET THERE TOMORROW AND HAVE IT CLEARED.
CAN YOU PICK UP DOS FROM SCHOOL?
MAY MEETING KAMI. NAGTATAKA NAMAN AKO SA YO, SA BAHAY KA LANG NAMAN TAPOS YUNG SIMPLENG PAGSUNDO SA ANAK MO DI MO MAN LANG MAGAWA.
HAYY NAKU!
WHAT'S THAT?
NOTHING. I'LL SEE IF I CAN DO THAT AFTER THE MEETING BUT I REALLY DON'T THINK I CAN MAKE IT. WILL YOU BE OUT?
NO, BUT I NEED TO GET TO HARRY'S FOR A BUSINESS MEETING.


ANONG BUSINESS? YOU WORK FROM HOME.
-IT WOULD BE GOOD IF YOU STAYED HERE INSTEAD AND TOOK CARE OF HOUSE STUFF. I'M ALWAYS TIRED WHEN I GET BACK FROM SCHOOL AND I HAVE TO CLEAN UP, COOK, GET DOS TO BED....
THIS IS NOT EXACTLY WHAT I'D CALL IDEAL.
YEAH? WELL I CAN TELL YOU RIGHT NOW-
THAT THIS IS WAAAAAYY BETTER THAN WHAT YOU'D GET IF I LET YOU STAY IN THAT FAR OFF TOWN OF YOURS IN THE PHILIPPINES.
WHAT?! I CAN'T BELIEVE YOU SAID THAT. HINDI MO AKO PINULOT KUNG SAAN LANG!
EXCUSE ME. MAY PINAG-ARALAN AKO, MATINO ANG PAMILYA KO AT SA TOTOO LANG-
KUNG DI AKO IKINASAL SA YO, MALAMANG NAKAKUHA AKO NG SCHOLARSHIP PARA MAKAPASOK NG AM-
STOP TALKING TO ME IN FILIPINO!!
IF YOU WANT TO SAY SOMETHING, YOU MAKE SURE I UNDERSTAND IT! I HATE IT WHEN YOU DO THIS, I ALWAYS SEEM TO BE WALKING ON BROKEN GLASS!


MOM, ARE YOU OK?
YEAH BABY... COME HERE AND SLEEP WITH MOMMY.
CAN YOU TELL ME A STORY?
SURE, ANONG GUSTO MO? FAIRY TALE? ALAMAT?
WHAT ABOUT THE STORY OF MY NAME?
OK THEN.


YOUR NAME IS MICHAEL HOPKINS, JR. THAT MAKES YOUR DAD, MICHAEL HOPKINS, SR.
SA PILIPINAS ANG MGA JR AY PANGALAWA SA ORIGINAL AT PALAGING JUN-JUN ANG PALAYAW.
BUT SINCE YOU ARE NO LONGER 100% PINOY, BEING PART AMERICAN, PART FILIPINO-
PAG NAGBILANG, YOU SAY UNO
DOS
TRESSS!!!!
AT DAHIL IKAW ANG PANGALAWA, IKAW SI DOS.
I LIKE THAT STORY.
I LIKE IT, TOO. AND I LOVE YOU, LITTLE ONE.
I LOVE YOU TOO, MOM!
. . .
WHERE IS DAD?
NASA LABAS LANG. NAGPAPAHANGIN. PARANG LAGING MAY INIISIP OR BAKA PAGOD. LET'S GO TO SLEEP.


KINABUKASAN SA HARRISON HIGH SCHOOL ....
MA'AM, GOOD AFTERNOON PO. MAY DALA PO AKONG CORNICK GALING ILOCOS.
-BAGONG DATING PO KASI ANG HIPAG KO.
NAKU, NAG-ABALA PA PO KAYO. DI PO USO DITO ANG GANITONG BIGAYAN, IUWI NA LANG PO NINYO ULI.
OI! ILOCOS CHICHACORN PALA ITO!
ILOCANO KA DIN BA?KUNIN MO NA YAN, ADING. MAHAL DIN YAN SA FILIPINO STORE.
NAKU SALAMAT HA! TAGA-CAGAYAN PO AKO PERO SA ILOCOS NA AKO NAG-KOLEHIYO, NANDUN NA DIN PO NGAYON ANG PAMILYA KO.
MAG SE-SEVEN YEARS NA DIN PO AKO DITO SA HAWAII, AWA NG DIYOS.
AY! ANG DAMI TALAGANG ILOCANO DITO.
SA LA UNION NAMAN KAMI ADING, PERO NGAYON LANG KAMI NAPETISYON NG MISTER KO. HALOS 7 YEARS NA RIN SIYA DITO, ANG HIRAP KASING MAG-IPON NG PANG-FILE.
IKAW? SINO'NG NAGPETISYON SA'YO DITO?
ASAWA KO DIN, MANANG, AMERICAN. PINAKILALA SA AKIN SA INTERNET NG AUNTIE KO.
BAKIT NGA PALA PO KAYO NAPADALAW?
ANG SABI PO KASI NG ANAK KO, MA'AM, PILIPINO DIN KAYO AT MALAKI NA NGA DAW PO ANG NAITULONG NYO SA KANYA DITO SA SCHOOL.
KUKUMUSTAHIN KO LANG PO SANA KASI NAPAPANSIN KO PO MEDYO MADALAS SIYANG MALUNGKOT NGAYON
AT SAKA, NAGBABAKASAKALI LANG DIN PO AKO BAKA LANG KAKO MAY ALAM KAYO NA PUWEDE KONG MAPASUKANG TRABAHO DITO?
NAIKUWENTO PO BA NI JENINA NA NAGKAROON SIYA NG KONTING PROBLEMA DITO NUNG NAKARAANG LINGGO?
BAKIT PO? ANO'NG NANGYARI?


MUKHA PO KASING APEKTADO SIYA, KASI LAST WEEK PO 'YUNG IBA NIYANG CLASSMATES NA PUTI, NAPAGDISKITAHAN ANG BAON NIYANG LONGGANISA. DI DAW NAGUSTUHAN ANG AMOY KAYA NAGKAROON NG KONTING GULO SA CAFETERIA.
MABAHO DAW KASI DAHIL AMOY SUKA AT BAWANG SAKA INTESTINES DAW KAYA NANDIRI YATA ANG IBANG BATA. ALAM MO NAMAN ANG MGA BATA, KONTING KAKAIBA AY EWWW NA AGAD ANG HIRIT.
NAKU! PABORITO NIYA YON EH. KAYA NAMAN PALA NGAYONG LINGGO AYAW NA NIYANG MAGBAON!
ANYWAY, ONE TIME AFTER THE INCIDENT, NAHULI KO SYA SA CR UMIIYAK. NAGKUKULONG SA ISANG CUBICLE AT DOON NA NYA KINAKAIN ANG BAON NIYA. SIGURO NAHIYA SA IBANG MGA BATA PERO TAKOT MAPAGALITANG DI NAUBOS ANG BAON KAYA ITINATAGO NA LANG NIYA ANG PAGKAIN NA BAON NIYA SA CR. SABI KO HUWAG IKAHIYA YON KASI MADAMI NAMANG IBANG LAHI DITO NA WALANG PAKIALAM SA FOOD PREFERENCES NG BAWAT ISA.
AKALA KO NGA OK NA SIYA EH.
KAWAWA NAMAN ANG ANAK KO. TSK TSK TSK. HONOR STUDENT YAN SA PILIPINAS, MA'AM. PERO DITO, PARANG WALANG INTERES MAG-ARAL.
INUUNGOT NGA NA BUMALIK NA LANG DAW MUNA SIYA SA PILIPINAS.
KAYA NAMAN PALA, KASI NAHIHIRAPAN SIYA DITO....
LAHAT PO HALOS NG BATANG DUMAAN DITO AY SADYANG MAY ADJUSTMENT PERIOD. DAPAT PO MEDYO ALALAYAN NINYO, BAKA MASYADO SIYANG MA-PRESSURE AT MAS MAKASAMA PA LALO.
MAY MGA ORGANIZATIONS PO DITO ANG MGA FILIPINO-AMERICAN STUDENTS AT AKO PO ANG ADVISER NUN, SO PUWEDE KO PO SIYANG ISAMA SA SUSUNOD NA MEETING.
NAKU, MA'AM! AASAHAN KO PO YAN
NAPEPRESSURE PO AKO LALO NGAYONG MAGKATRABAHO PARA MAKALIPAT NA DIN KAMI SA SARILI NAMING BAHAY KASI NAKATIRA PA KAMI SA BAHAY NG MGA IN-LAWS KO AT NGAYONG WALA KAMING TRABAHO
KAMI LANG DALAWA NI JENINA ANG MAGKATULONG NA NAGLILINIS NG BAHAY, NAGLULUTO AT NAG-AALAGA SA MGA PAMANGKIN KO. ALAM MO NAMAN, WALA DIN SILANG MGA ORAS KASI SA GAWAING BAHAY KAYA SABI KO TUTULONG MUNA KAMI. NAPANSIN KO LANG TALAGA KASING MADALAS MALUNGKOT NGAYONG MGA PANAHONG ITO SI JENINA, BAKA LANG KAKO NAPAPAGOD NA DING TUMULONG SA AKIN SA MGA GAWAING BAHAY.
MAKAKAADJUST DIN PO SIYA. MANANG, ANG MAGANDANG GAWIN MO, MAGHANAP KA NG PUWEDENG MAPAG-VOLUNTEERAN. KASI KAHIT ANO'NG VOLUNTEER WORK AY PUWEDE NG I-CONSIDER NA LOCAL WORKING EXPERIENCE. TIP YAN PALAGI SA POOS AT COUNSELLING.


ANO PO BANG KLASE NG TRABAHO ANG HANAP NYO?
PRE-SCHOOL TEACHER AKO DUN SA AMIN
EH DITO, SINUBUKAN KO NA MAG-APPLY PERO MADAMI PA DAW AKONG KAILANGANG KUHANIN NA SERIES OF TESTS PARA MAGKA-LISENSYA.
SABI NAMAN NG ASAWA KO, KUNG TEST AKO NG TEST, E BAKA DI NA KAMI MAKABAYAD SA MGA NATITIRANG UTANG NAMIN. AT SAKA SA TAGAL KO NG DI NAG-EEXAM, BAKA MASAYANG LANG.
DITO MANANG, NO PAIN NO GAIN TALAGA. AKO NGA E, MABUTI NA LANG AT ANG MISTER KO AY EX-MILITARY NA GALING NG IRAQ KAYA NAKAKUHA AKO NG MGA BENEFITS DAHIL SA PAGIGING ASAWA NIYA.
NAKAPAG-ARAL AKO AT NABIGYAN PA NG PRIORITY NG MAG-APPLY NA AKO NG TRABAHO. PERO KUNG MATIISIN KA, MADAMI DIN NAMANG PUWEDENG PAG-UMPISAHANG PASUKAN.
HAYYYY ADING! DATI TUMATANGGAP LANG AKO NG BALIKBAYAN BOX AT PADALA, NGAYON AKO NA ANG KAILANGANG MAGPADALA.
ANG HIRAP!
HAHA! O, SIGE MANANG, MAUNA NA AKO AT MAY FACULTY MEETING KASI KAMI NGAYON. SALAMAT SA CORNICK. AALALAYAN KO SI JENINA, DON'T WORRY.
NAKU, THANK YOU, ADING. KUNG SAKALING MAY MABALITAAN KANG OPENING, PASUYO NA LANG NA PAKI-INFORM AKO. PASENSYA NA'T PATI ANAK KO AY IPAPAKISUYO KO NA DIN SA YO.
SIGE, SALAMAT ULI.
BYE!


HELLO? WHO'S THIS PLEASE?
MOM! I'M STILL IN SCHOOL AND TEACHER PATTY SAYS SHE'LL HAVE TO LEAVE IN 15 MINUTES.
YOU'RE STILL IN SCHOOL? WHERE'S YOUR DAD?
DON'T KNOW.
HE HASN'T PICK ME UP YET AND IT'S ALMOST 8. WILL YOU COME PICK ME UP?
OF COURSE, ANAK! WAIT FOR MOMMY, OK?
PLEASE MOM....
WILL BE THERE IN A FEW....


MICHAEL!
I CAN'T BELIEVE YOU CONVENIENTLY FORGOT YOUR SON! ALAS OTSO NA! ANO BANG NAPAKA-IMPORTANTENG KAILANGAN MONG GAWIN AT NAKALIMUTAN MO ANG ANAK MO!
DON'T SHOUT AT ME AND DON'T TALK TO ME IN TAGALOG! I TOLD YOU I HAD BUSINESS.
BUSINESS?! THAT'S YOUR EXCUSE?
YOU CAN DO BUSINESS ONLINE AND YOU CHOSE NOT TO TODAY?! I HAD A MEETING FOR PETE'S SAKE!
DON'T SHOUT!!!
YOU'RE GETTING INTO MY NERVES!
GETTING INTO MY NERVES KA NG GETTING INTO MY NERVES! ANONG BUSINESS ANG SINASABI MO, EH SA HARAP KA LANG NG COMPUTER MAGHAPON!
ALAM MO BANG ANG PENSIONG INAANTAY MO AY KULANG NA KULANG SA PANGGASTOS NATIN AT KUNG WALA AKONG TRABAHO AY SA KANGKUNGAN TAYO PUPULUTIN?! HMMPH!


I TOLD YOU NOT TO SHOUT!
I'M NOT SHOUTING, WHAT'S UP WITH YOU?
MOM, DID YOU SEE MY COLORING BOOK? THE ONE I GOT FROM TITA BELLE LAST CHRISTMAS. IT'S NOT ON MY STUDY TABLE.
GO BACK TO YOUR ROOM AND LOOK FOR IT UNDER THE BED. OK?
I DID AND IT ISN'T THERE. SOMEONE TOOK MY BOOK AND MY CRAYONS.
IT'S PROBABLY JUST THERE, SWEETY. MOM WILL LOOK FOR IT LATER, OK? NOW, HERE'S SOME CORNICK FOR YOU....
IF HE NEEDS ANYTHIN, YOU'RE READY TO LOOK FOR IT, BUT IF I GO LOOKIN FOR SOMETHIN, YOU EXPECT ME TO LOOK FOR IT ON MY OWN! I'M YOUR HUS-BAND AND I DESERVE TO BE TREATED WELL!
WHERE IS THIS COMING FROM? I'VE HAD A VERY LONG DAY AND I'M NOT UP TO ANY OF THESE ANTICS PLEASE.
YOU START THIS BY YELLING AT ME AND NOW YOU'RE NOT READY?! TREAT ME BETTER, WOMAN. IF NOT FOR ME, YOU'D STILL BE STUCK IN THE JUNGLE WHERE YOU CAME FROM!
WHAT IS WRONG WITH YOU! THAT IS TOTALLY UNCALLED FOR! HINDI MO AKO PINULOT SA WALA! CUM LAUDE AKO PAGKA-GRADUATE KO AND I WORKED MY ASS OFF TO MAKE MY LIFE BETTER HERE!
WITH A GENEROUS HELPIN FROM ME, RIGHT?! SO DON'T GO YELLIN INTO MY FACE WHEN YOU AND I BOTH KNOW WHERE EXACTLY YOU STAND! AND YOU BEING A CUM LAUDE DOESN'T MEAN ANYTHING AT ALL!
YOU HAD DOS WAITING FOR YOU AT SCHOOL FOR 5 HOURS AND NOW YOU'RE ANGRY? PLEASE, MICHAEL... LET'S BOTH CALM DOWN PLEASE.
CALM DOWN! YOU COME BARGING IN HERE, ALL FIRED UP AND YOU ASK ME TO CALM DOWN. JESUS! FILIPINOS!!!


KINAGABIHAN SA KANILANG SILID, NAPAIYAK SI GERALDINE...
NAGPAFLASHBACK ANG USAPAN NILA NG NANAY NIYA HABANG NAG-EEMPAKE SIYA NG GAMIT, PITONG TAON NA ANG NAKAKARAAN.
ANAK, DI KA NA BA MAPIPIGIL? BAKA KASI KUNG ANO YANG PINASOK MO.
ANIM NA BUWAN MO PA LANG NAKILALA YAN. BLACK AMERICAN PA, MAHIRAP RAW MAGALIT ANG MGA YAN?
MAMANG NAMAN, TRENTA NA AKO. KUNG PILIPINO ANG MAPAPANGASAWA KO DAPAT AY MATAGAL NG NANGYARI YUN.
MABAIT NAMAN PO SI MICHAEL. MUKHANG RESPONSABLE AT SAKA ANDUN DIN NAMAN SA HAWAII SINA AUNTIE LYDIA. HUWAG PO KAYONG MAG-ALALA
ANG SA AKIN LANG E, WALA NAMANG DAHILAN PARA UMALIS KA. MAAYOS NAMAN ANG TRABAHO MO, SAKA WALA DIN NAMAN KAMING IBANG KAILANGAN NI TATAY MO. SANA DITO KA NA DIN LANG.
WAG KANG MAG-ALALA MANG, KANINA PO SA CFO NG MAG-ATTEND AKO NG SEMINAR, ANG SABI, SA BAWAT STATE AY MAY DOMESTIC VIOLENCE SUPPORT NETWORK
AT SAKA MANG, PARA SAAN PA ANG KALAHATING ARAW NG COUNSELLING AT PAGKA-CUM LAUDE KO KONG PAPABUGBOG LANG AKO. FIANCEE LANG NAMAN AKO MANG, KUNG DI KO KAYA EH, DI BALIK NA LANG ULI AKO.
YAN ANG PANALANGIN KO, ANAK... SANA NGA TAMA ANG DESISYON MONG ITO. IWAN MO SA'KIN ANG NUMBERS NG CFO AT YANG SUPPORT NETWORK NA YAN PARA SIGURADO HA?
TANDAAN MO, DI NAKAKAHIYANG HUMINGI NG TULONG.
AAAAAAAAAAAAHH!!!


MOOOMM!!!
STOP IT! WHAT'S GOING ON?!
DAD HAS MY COLORING BOOK AND WHEN I ASKED HIM TO GIVE IT TO ME, HE GOT ANGRY.
TAMA NA!
ANO BA NANGYAYARI SA IYO?
KRAK
PORDIYOSPORSANTO!
GIVE ME THAT, YOU BRAT! EVERYTHING IN THIS HOUSE IS MINE! YOU THINK I LIKE BEING HERE ALL DAY? HA?!
I TOLD YOU NOT TO TALK TO ME IN TAGALOG!!!


OH MY GOD! MICHAEL, I DIDN'T KNOW. IF I KNEW WE COULD HAVE DONE SOMETHING ABOUT IT. PLEASE. I'M SORRY IF I HURT YOU BUT CALM DOWN AND LET'S TALK.... HUHUHU!
TALK? WE DON'T TALK! YOU TALK ALL THE TIME! BECAUSE IF YOU LISTENED TO ME, THEN YOU'D KNOW THAT THE MORTGAGE HASN'T BEEN PAID FOR IN MONTHS AND I CAN'T SEEM TO SELL INSURANCE ONLINE ANYMORE. AND EVERYTHING ELSE IS SO BAD! AND YOU WANT TO TALK?! HA! YOU'VE BEEN BUSY MAKING THE GREAT SUCCESS THAT YOU ARE AND FORGOT THAT I BROUGHT YOU HERE. I MADE YOU -- YOU!
AND YOU! ALL YOU DO IS PLAY AND COLOR YOUR BOOK AND YOU SEEM SO HAPPY AND THAT IS ALL THAT I WANTED, BUT YOU DENY ME THIS?! HA!
WHAT'S HAPPENING TO YOU? DIYOS KO, TULUNGAN NYO PO KAMI. HUHUHU. PAG-USAPAN NATIN TO MICHAEL, NAKIKIUSAP AKO SA YO. DON'T LET THE STRESS GET INTO YOU. WE CAN WORK THIS OUT, PLEASE... NO!!!
I WANTED TO SAVE US ALL AND NOW EVERYTHING WILL BE LOST. JESUS! ALL YOU WANTED TO TALK ABOUT IS THAT BALIKBAYAN BOX YOU KEPT SHOPPING FOR!
HUHUHU. I'M SO SORRY, MICHAEL. MAYBE WE SHOULD JUST GO OUR SEPARATE WAYS THEN. I'LL CALL AUNTIE LYDIA TO PICK US UP.
ALL YOU DO IS THINK OF YOU AND DOS BUT NEVER TAKE THE TIME TO ASK ME IF I'M OK! AHHH! WE'RE LOSING EVERY-THING AND YOU GO ON AS IF EVERYTHING IS FINE... AND NOW, YOU'RE LEAVING ME???! AHHHH!
news 8
Ginulat ang tahimik na neighborhood na ito sa Oahu, Hawaii sa balita ng pagkamatay ng gurong si Geraldine Hopkins, ang kanyang anim na taong gulang na anak na si Michael, Jr. at ang ama nitong si Michael Hopkins, Sr. na hinihinalang siyang pumaslang sa mag-ina bago nagpakamatay.
Ito ang pangatlong pagkamatay sa loob ng isang buwan sa tahimik na bayan ng Oahu na kinasasangkutan ng mga Filipinong hinihinalang naging biktima ng domestic violence .....


DUKHA
by Noreen B. Marquez
Bukang-liwayway... Gaya ng dati, maagang nagtungo si Mang Juan sa lupang kanyang sinasakahan.
MAGANDANG UMAGA, PARE! ANG AGA-AGA EH, NAKASIMANGOT KA? ANO BA ANG MERON SA'TIN DYAN?
EH, PAANO NAMAN KASI... KAKARAMPOT PA RIN ANG KITA NATIN. PALAGI PA TAYONG BINIBISITA NG BAGYO!
ANG HIRAP TALAGA NG BUHAY. HALOS GUMAPANG NA AKO SA PAGTA-TRABAHO, WALA PA RIN...
KUNG DITO LANG NAMAN EH, WALA TALAGANG MANGYAYARI. PARE, MAY SOLUSYON AKO DYAN SA ]PROBLEMA MO
SIGE, PARE. KAILANGAN KO TALAGA NGAYON NG PERA PARA SA TUI-TION FEE NI JUNIOR. ANO BA YUN?
KILALA MO NAMAN SIGURO SI PARENG TONI. ABA'Y DOLYARES NA ANG KINIKITA NGAYON SA AMERIKA.
BALAK KO RIN NGANG MAG-ABROAD SA SUSUNOD NA TAON PAG-KAGRADUATE NG ANAK KO SA ELEMENTARYA. HAYAAN MO, IKUKUHA KITA NG APPLICATION FORM SA KAKILALA KO.
TALAGA, PARE? SIGURO PANAHON NA RIN PARA MAG-SAKRIPISYO AKO.


Dapit-hapon na nang umuwi sa kanilang maliit na dampa si Mang Juan. Tuwang-tuwa magbalita sa asawa't mga anak habang daladala ang isang papel.
O, MGA ANAK. KAMUSTA NA KAYO?
TAY, NANDITO NA PO PALA KAYO...
MABUTI PA'Y TINGNAN MO ITONG DALA KO'T SIGURADONG MATUTUWA KA.
ANO 'TO?
MAG-AABROAD KA?
WALA NAMANG MASAMA KUNG SUSUBUKAN. ISANG MALAKING OPORTUNIDAD ITO PARA MAKAAHON TAYO SA KAHIRAPAN.
HINDI IYON GANOON KADALI. KAKAILANGANIN NATIN NG MALAKING PERA!
HANGGA'T MAYROONG MAUUTANGAN, WALA TAYONG PROBLEMA. MADALI NATING MABABAYARAN ANG ATING UUTANGIN DAHIL DOLYAR ANG AKING SASAHURIN KUNG MATULOY AKO SA CANADA.
PAG-ISIPAN MONG MABUTI. KAWAWA NAMAN ANG MGA BATA. TSAKA SINO NAMAN ANG MAGPAPAUTANG SA ATIN NGAYONG MGA PANAHON?
GAGAWA AKO NG PARAAN. 'PAG NAKAPAG-ABROAD AKO NGAYONG TAON, SUSUNOD RIN NAMAN SI PARENG KARDO SA SUSUNOD NA TAON.


Nagdadalawang-isip si Aling Anna. Kung siya ang tatanungin, mas nanaisin niyang buo ang kanyang pamilya. Tinungo naman ni mang Juan ang kuwarto ng panganay na anak para ibalita ang pagnanais na makapag-abroad.
ANAK, KUMUSTA NAMAN ANG PAG-AARAL MO?
TAY, TULOY PO KAYO.
AYOS NAMAN, HO. ISANG TAON NA LANG AT GAGRADUATE NA RIN AKO SA KOLEHIYO. ANG TATAAS NGA PO NG GRADES KO NGAYONG SEMESTER.
AH, GANUN BA? EH, KASI...BALAK KO KASING MAG-ABROAD PARA GUMINHAWA NAMAN ANG BUHAY NATIN.
ABROAD? PAANO NAMAN KAYO MAG-AA-BROAD? PA'NO KAMI?
INIISIP KO LANG KAYO, ANAK. MAHIRAP ANG BUHAY DITO. TRABAHONG-KALABAW NA KAMI NG NANAY MO, ISANG KAHIG-ISANG TUKA PA RIN TAYO.
SAAN NIYO PO BA KINUHA ANG APPLICATION FORM NA YAN? BAKA PO MAPEKE KAYO.
SIGURISTA AKO, ANAK. SA NINONG MO GALING YAN...KAY PARENG KARDO.
EH, SAAN NAMAN KAYO KUKUHA NG MAHIGIT PHP85,000.00?
HAYAAN MO, ANAK. PAG-UUSA-PAN NAMING NG MAIGI NG NANAY MO ANG TUNGKOL DYAN.



Hindi naituloy ni Mang Juan ang pagsabi ng balak sa anak--- na papahintuin muna sa pag-aaral si Junior. Maghahating-gabi na ngunit hindi pa rin makatulog ang mag-asawa.
ANO BA ANG BALAK MONG GAWIN?
SAAN TAYO KUKUHA NG GANUN KALAKING HALAGA?
PAHIHINTUIN MUNA NATIN SA PAG-AARAL SI JUNIOR.
MATALINO SIYA KAYA ALAM KONG AGAD NIYA AKONG MAUUNAWAAN. ISANG TAON LANG NAMAN...
JUAN, TIYAK NA SASAMA ANG LOOB NG ANAK MO. MATAAS ANG PANGARAP NI JUNIOR.
Pumatak ang luha sa mga mata ni Junior habang sikreto palang nakikinig sa labas ng silid ng magulang.
Kinaumagahan... Nababanaag na ni Junior ang liwanag mula sa kanyang bintana.



AAAHH! UMAGA NA PALA.
JUNIOR, MAGANDANG UMAGA!
MAGANDANG UMAGA RIN PO! ANG AGA NAMAN PO NINYONG NAGAWI RITO.
MAGPAALAM KA NA SA PABORITONG KALABAW MO. IPINAGBIBILI NA NG TATAY MO SA'KIN PARA MAGAMIT NIYA ANG PERA SA PAG-AABROAD.
ANAK, IPAGBIBILI KO NA RIN PATI ANG APAT NATING MANOK.
TAY, BAKA MAY GUSTO PA KAYONG SABIHIN SA'KIN... ALAM KO NAMAN PONG KAILANGAN NINYO NG PERA PERO...



PA'NO BA 'YAN, PARE? MUKHANG HINDI SANG-AYON ANG ANAK MO SA PAG-AABROAD MO? BUENO, AALIS NA AKO.
TAY, INIISIP KO LANG PO ANG PWEDENG MANGYARI KUNG SAKALING MATULOY KAYO SA CANADA...BAKA PO MAPA'NO KAYO. MAG-ISA LANG KAYO DUN.
KAYO ANG INAALALA KO. GUSTO KO LANG NAMAN KAYONG BIGYAN NG MAGANDANG KINAB-UKASAN.
KUNG GUSTO PO TALAGA NINYONG MAG-ABROAD, SUSUPORTAHAN KO PO KAYO. HIHINTO PO MUNA AKO SA PAG-AARAL.
SALAMAT, ANAK! KAPAG NATULOY AKO SA CANADA, ILILIPAT KITA SA MAS PRESTIHIYOSONG UNIBERSIDAD SA SUSUNOD NA TAON.


Sa sumunod na araw, muling bumisita si Mang Kardo...
NASAAN NA BA ANG APPLICATION FORM MO?
AREGLADO NA YAN, PARE. PURO PIRMADO NA.
MABUTI NAMAN KUNG GANUN. MAY TATLONG BUWAN MULA NGAYON, SIGURADONG MAY BALITA NA SA PAG-AABROAD MO. ANG KAIBIGAN KO NA ANG BAHALANG MAG-ASIKASO NG VISA MO.
MARAMING SALAMAT, PARE! UTANG NA LOOB KO ANG LAHAT NG ITO SA'YO.
WALANG ANUMAN. MALAPIT KA NA RIN PARENG KUMITA NG DOLYAR! HAHAH... O SIGE, TULOY NA MUNA AKO.
Ayos na ang lahat ng kakailanganin ni Mang Juan sa pag-aabroad. Wala pa ngang tatlong buwan...
ANNA! JUNIOR! MGA ANAK! DUMATING NA RIN ANG PINAKAHIHINTAY NATIN! MAG-AABROAD NA RIN AKO!
AH...EH... KELAN NA BA ANG ALIS MO? DIYOS KO, SALAMAT NAMAN PO...
SA ISANG LINGGO NA. JUNIOR, HUWAG MONG PAPABAYAAN ANG MGA KAPATID AT ANG NANAY MO, HA?
HUWAG PO KAYONG MAG-ALALA. AKO NA ANG BAHALA HABANG WALA KAYO.
Kaybilis lumipas ng panahon. Dumating na ang araw ng pag-alis ni Mang Juan...
MGA ANAK, MAGPAKABAIT KAYO. MGA ILANG TAON RIN AKONG MAWAWALA. PAALAM NA, HA.


TAY, MAMIMISS NAMIN KAYO.
JUAN, ALAGAAN MO ANG SARILI MO DUN. WAG MONG KALILIMUTANG SUMULAT SA AMIN PAMINSAN-MINSAN.
O SIYA, AALIS NA KAMI AT BAKA MA-LATE PA KAMI SA AIRPORT. JUNIOR, TARA NA.
Hinatid na ni Junior ang ama sa airport. Masakit man sa loob, hangad niya ang ikauunlad ng kanyang pamilya.
Tatlong linggo na ang nakaraan...wala pa silang natatanggap na balita mula sa ama.
Dis-oras na ng gabi...
TOK! TOK!


JUNIOR... JUNIOR...
NAY, BAKIT HO? ANO PO BA IYON?
MAY *KUMAKATOK...* KINAKABAHAN AKO. DIS-ORAS NA NG GABI...
SIGE PO, AKO NA ANG BAHALA.
HUWAG MONG BUBUKSAN HANGGA'T HINDI MO ALAM KUNG SINO...
OPO...
"ANAK... ANAK.. AKO ITO..."
*PAMILYAR* ANG BOSES...SI TATAY KAYA?
Binuksan ni Junior ang pinto. Kanyang *ikinabigla* ang nakita...
ANAK...
TAY, BAKIT KAYO NAN-DITO?
*Nabulabog* ang buong pamilya...
*JUAN?* ANO'NG NAGYARI SA'YO AT BIGLA KANG NAPAUWI?
*LANGYA!*
*PEKE ANG LAHAT NG PAPE-LES KO!* NALOKO AKO NI.... NI KARDO!
KUMALMA KA MUNA, MAHAL KO.


WALA PALA SA AKING NAGHIHINTAY NA TRABAHO ROON! PAANO NA ANG KINABUKASAN NATIN? ANG PAG-AARAL NG MGA BATA? ANG KABUHAYAN NATIN?
ANAK, PATAWARIN MO AKO KUNG PINAHINTO KITA SA PAG-AARAL.
HUWAG PO KAYONG MAG-ALALA, TAY. ANG MAHALAGA AY LIGTAS KANG NAKAUWI. KAYA PALA LUMIPAT NG TIRAHAN SINA MANG KARDO!
ITAY, TANGGAPIN PO NINYO ITO. MAGSIMULA MULI TAYO...
ANAK, SAAN MO NAKUHA ITO?
BAGO PO AKO MAGDROP-OUT, PINASALI AKO NG PROFESSOR NAMIN SA ISANG ESSAY WRITING CONTEST TUNGKOL SA OVERSEAS FILIPINO WORKERS.
HINDI KO PO INAASAHANG MANANALO AKO... NAGING INSPIRASYON KO PO ANG ATING PAMILYA.
MARAMING SALAMAT SA LAHAT, ANAK...


Nagsikap sa pagtatrabaho si Mang Juan. Habang hindi pa nakapagpapa-enrol si Junior, namasukan siya ng iba't ibang trabaho. Namasukan siyang driver sa bahay ng kanyang professor...
MASAKLAP PALA ANG NANGYARI SA AMA MO. MARAMI TALAGANG MAN-LOLOKO NGAYONG MGA PANAHON...
OPO...NATURINGAN PA NAMANG MATA-LIK NA KAIBIGAN YUN NG AKING AMA.
NGUNIT SA KABILA NG NANGYARI, NAIS PA RIN NI ITAY NA MAG-PUNTA SA IBANG BANSA . DETERMINA-DO TALAGA SIYANG MAKIPAG-SAPALARAN.
ALAM MO, JUNIOR, MAY KUMPARE AKONG NAGTATRABAHO SA ISANG AHENSYA.. TINUTULUNGAN NILA ANG MGA MAHIHIRAP NATING MAMAMAYAN NA MAKAPAG-ABROAD.
KUNG KULANG SA PERA ANG MAG-AAPLY, PINAUUTANG MUNA NILA SA MABABANG IN-TERES.
GANUN HO BA? HAYAAN NIYO PO AT IKUKWENTO KO SA TATAY KO.
Sa kanilang bahay, ikinuwento ni Junior sa ama ang sabi ng professor... Nagbakasakali muli si Mang Juan at nag-tungo kay Mr. Lorenzo.
MAGANDANG ARAW PO, SIR! NA-PARITO PO AKO TUNGKOL SA SINABI NINYO KAY JUNIOR.
INTERESADO PO TALAGA AKONG MAG-ABROAD AT MAHIGPIT ANG PAN-GANGAILANGAN NAMIN.
NAIINTINDIHAN KO PO. NAIKWENTO SA AKIN NI JUNIOR ANG NANGYARI SA INYO.
PERO, ANG AHENSYANG PINAGTATRA-BAHUHAN NG KUMPARE KO AY TALAGANG GARANTISADO...HINDI PO KAYO MAGSISISI.
SIGE PO. MARAMING SALAMAT SA LAHAT.



Ang desididong si Mang Juan ay nagpunta sa kabilang bayan upang hanapin ang ahensyang sinasabing makakatulong sa kanya.
SA PAGKAKATAONG ITO, HINDI NA AKO MAGPAPALOKO PA.
Natakot man siyang magtiwala muli, pinanghawakan niya ang prinsipyong: Kung may tiyaga, may nilaga.
MAGANDANG ARAW PO SA INYO!
MAGANDANG ARAW DIN PO! ANO PO BA ANG MAITUTULONG KO SA INYO?
MAY NAKAPAGBALITA PO SA AKIN NA TUMUTULONG KAYO SA MGA GUSTONG MAKAPAGTRABAHO SA IBANG BANSA. GUSTO KO PO SANANG MAKAPAG-ABROAD. NGUNIT WALA KAMING SAPAT NA HALAGA.
HUWAG PO KAYONG MAG-ALALA... KAMI ANG BAHALA SA MGA KAKAILANGANIN NINYO. MAGTIWALA PO KAYO SA AMIN DAHIL LAYUNIN NAMING MAKATULONG SA BAWAT MAMAMAYANG PILIPINO.
Mabilis na naproseso ng ahensya ang mga kakailanganin ni Mang Juan. Makalipas ng isang taon, aalis na naman siya patungong Europa para magtrabaho.
Naging maayos naman ang trabaho niya roon. Mataas ang sahod at kasundo niya ang mga katrabahong kapwa OFW.
May mga oras din ng pangungulila. Ganoon talaga ang buhay ng isang OFW...kailangang magtiis para sa ikabubuti ng pamilya.


Pagkalipas ng isang buwan...
Nagkakamustahan lamang sila ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat.
kmsta n kyo jn?
Pagkalipas ng isang taon...
Nagbabalitaan na sila ng kanyang pamilya gamit ang cellular phone.
Pagkalipas ng tatlong taon...
Nag-ie-mail na sila sa isa't isa!
Ganoon naging kaswerte si Mang Juan. Nakatapos na ng pag-aaral si Junior... May trabaho na rin siya!
Nag-aaral ang iba niyang anak sa isang magandang paaralan. Nagtayo rin ng isang negosyo si Aling Anna. Umasenso na ang kanilang kabuhayan. Pagkalipas ng mahigit limang taon, nagbalik siya sa Pilipinas...
DELACRUZ Poultry
BUNGA NG AKING PAGTITIYAGA, NABIGYAN KO RIN NG MAGANDANG KINABUKASAN ANG AKING PAMILYA.. HINDI MADALI ANG PAGIGING OFW.
KAILANGAN NG TATAG, TIYAGA, PAG-ASA AT PANANALIG SA DIYOS.